

Prologue



I minumulat ni Gie ang kanyang mga mata nang mariing mapapikit muli dahil sa sinag ng araw na tumatagos sa siwang ng bintana ng kanyang silid. Kumirot ang kanyang sentido at parang mababasag ang kanyang ulo sa sobrang sakit.

“Ouch...” daing niya. *Ano ba’ng nangyari?*

Bakit masakit ang ulo niya? Napamulat na siya at napakunot-noo nang mabungaran ang bintana.

Kinabahan siya. *Kailan pa nagkabintana ang condo unit ko?* At saka niya napagtantong hindi niya silid ang kinaroroonan. *Nasaan ako?* Lalo siyang kinabahan. Wala siyang maalala sa nagdaang gabi. Bakit wala siya sa sariling silid? Ngayon lang nangyari sa kanya ang ganito. Gumalaw siya para bumangon nang may masaging matigas na bagay. *What the f*ck! Ano ’yun, tao?*

Natatakot na siya. Agad-agad niyang nilingon ang nasagi at laking gulat niya nang makita ang matipunong braso. *Lalaki!*

Muntik na siyang mapasigaw. Nanlaki ang mga mata niya nang iangat ang mga paningin sa mukha ng katabi. Ano ang ginagawa nito sa tabi niya? Nakahubad ito at—

Marahas niyang iniangat ang kumot na tumatakip sa kanyang katawan. Gusto na niyang umiyak at magsisigaw nang mapatunayang hubad din siya, wala kahit isang saplot sa katawan.

Mariin siyang napapikit at napabuntong-hininga. Kailangan niyang alalahanin kung ano ang nangyari kagabi.

“You want me to drive you home?” malambing na tanong ng estranghero sa kanya.

Sigurado si Gie na lasing na siya dahil sa dami ng nainom niya sa loob ng bar. Nauna nang umuwi ang tatlong kaibigan na kasama niya dahil iisa lang ang way ng mga ito at nag-share na lang sa taxi.

“Bakit, kaya mo pang mag-drive?” ganting lambing niya rito habang nakahawak ang isa niyang kamay sa leeg nito. Ang isa niyang kamay ay nilalaro ang dibdib nitong malapad. Parang lagi itong nagworkout.

Mapang-akit siyang tumitig sa mga mata ng lalaking halatang kanina pa nag-aapoy ang pagnanasa sa kanya. Narinig niya ang tila pag-angil

ng lalaki nang ilapit nito ang bibig sa punong tainga niya. Bahagyang kinagat nito ang earlobe niya at nagtayuan ang balahibo niya sa batok. Nag-init ang kanyang pakiramdam sa simpleng pagkagat nito.

“I hardly touched my drink, baby. Gusto mo d’un tayo sa condo ko?” tanong nito.

Hindi niya alam kung bakit nanabik siya sa maaari nilang gawin sa loob ng condo nito. Tumango siya, pumayag.

“Good,” sambit nito at sinakop ang labi niya sa isang halik.

Kanina pa siya hinahalikan nito, pero kakatwang hindi siya pumapalag. Sa halip, natatagpuan niya ang sarili na tinutugon ang halik nito at tinutumbasan ang init na ibinibigay nito. Napakasarap ng mga labi nito.

“Uhh,” ungol niya sa pagtutol nang tinapos nito ang halik.

Napangiti ito at sinabing, “Tara.”

Walang pagdadalawang-isip niyang inabot ang nakalahad nitong kamay at sumabay sa bawat hakbang nito. Wala na siyang pakialam kung saan siya dadalhin ng estranghero. Basta ang alam niya ay masarap sa pakiramdam na kasama niya ito.

Bago siya nito inalalayan papapasok sa sasakyan ay siniil pa siya nito ng halik. Hindi na niya kaya ang

nararamdamang init ng katawan. Ngayon lang siya nanabik nang ganito sa buong buhay niya. Hindi na siya makapaghintay na marating nila ang sinasabi nitong condo.

Nang makasakay ay mabilis nitong pinatakbo ang kotse. Habang abala ang isa nitong kamay sa manibela ay abala ang kabila sa paghaplos sa makinis niyang hita.

“You’re driving me crazy.”

Napangiti si Cie sa sinabi nito. Kung alam lang nito, kung ano-anong kalibugan na ang tumatakbo sa isipan niya.

Takot din siyang baka madisgrasya silang dalawa dahil sa mga posibleng gawin sa loob ng kotse habang nagmamaneho ito kaya nakuntento na lang siya sa, “I know the feeling.”

“Bakit ba ang tagal nating makarating sa condo ko?” parang asar na nitong sambit.

Kung tutuusin, mabilis ang patakbo ng lalaki, pero parang napakatagal nga ng biyahe nila.

Sa wakas ay huminto ito sa isang parking space sa ilalim ng kung anong building. Hindi na niya alam kung nasaan sila.

“Bahala na,” mahina niyang usal.

Hinayaan niya ang estranghero kung saan siya

balak dalhin nito. Sumakay sila sa elevator at ang sunod na alam ni Gie ay hinihila siya nito papasok sa isang pintuan. Hindi na niya namalayan kung maayos pa nitong isinara ang pinto dahil hinahalikan na naman siya ng kaulayaw.

Sinuklian niya ang marahas nitong halik. Humahaplos ang kanang kamay ng lalaki sa kanyang likod, naroonng sinasapo ang kanyang batok. Bawat parte niyang madaanan ng palad nito ay tila nakukuryente.

Bumaba ang mga kamay nito at naramdaman niya iyon sa kanyang pang-upo. Nagtagal ang mga kamay ng estranghero sa pagpisil doon bago lumipat ang isang kamay nito sa kanyang dibdib at doon nagmasahe.

Naramdaman niya pagkatapos ang mainit na palad nito sa kanyang tiyan. Nang hagudin ng isang palad nito ang nasa pagitan ng kanyang mga hita, pakiramdam ni Gie ay mawawala na siya ng katinuan. Para na siyang mababaliw sa sobrang sarap.

Samantala, abala rin ang mga kamay niya sa pag-aaral sa bawat umbok ng katawan ng lalaki. Lalo siyang nanabik na makita itong nakahubad. Sinimulan niyang kalasin ang mga butones sa suot nitong polo. Nang mabuksan ang tatlong butones ay

tumigil siya at tinitigan ang mukha nito.

Halos nag-aapoy ang mga mata nito habang nakatingin sa kanya.

“I want you,” sambit nito at kinarga siya papunta sa kama. Sinimulan na nitong tanggalin ang kanyang mga damit. Kung saan-saan lang nito inihagis ang mga nahubad sa kanya. “You’re so beautiful,” anas nito at siniil ulit siya ng halik sa labi, gently, passionately.

Kahit banayad lang o marubdob ang ginagawa nitong paghalik ay ramdam na ramdam niya ang pananabik nito. Bumaba ang mga labi nito sa leeg niya patungo sa dibdib at huminto roon.

“Aah...” ungol ni Gie, parang napapaso sa init ng bibig nito. Napaliyad siya sa kiliti nang sipsipin nito ang nipple ng kanang dibdib niya.

He seemed to love her breasts. His fingers were pinching her other nipple. She moaned in pleasure. She felt his hardness against her thigh.

Pabiling-biling ang ulo niya sa sarap na nararamdaman. Iniwan nito ang kanyang dibdib at bumaba ang halik nito patungo sa kanyang kaselanan. Dinama nito ang kanyang pagkababae sa pamamagitan ng dahan-dahang pagdila.

Tuluyan nang nawala si Gie sa katinuan.

Nababaliw na siya sa sensasyon at alam niyang anumang oras ay sasabog na ang pinipigilan niyang init.

“Ohh...” Hindi na niya alam kung paano ipoposisyon ang katawan. Pero kung kailan pakiramdam niya ay lalabasan na siya ay saka naman tumigil ang lalaki sa ginagawa at kumubabaw sa kanya.

Ibinaon nito ang mukha sa leeg niya. Nangaligkig ang katawan ni Gie at niyakap niya ito.

“I need to be in you,” he whispered. He settled himself against her entrance and kissed her lips.

*Nag-alinlangan siya kung kakasya ang malaki nitong sandata sa loob niya. Parang naramdaman nito ang takot niya. Ibinuka nito ang mga hita niya at dinama ang kanyang kalambutan. He inserted a finger inside her, moved it in and out of her while his thumb circled her cl*t. Nangatal ang mga hita ng dalaga.*

He looked at her and put another finger inside her. “Is this okay?”

Nakuha niyang tumango bago muling napapikit nang ipasok nito sa bibig isang malusog na umbok ng dibdib niya.

Her inner muscles tightened around his fingers

and she climaxed.

“Are you ready, baby?” tanong ng lalaki.

Hindi niya alam kung handa na ba siya pero tumango pa rin siya. At ipinasok nito ang sandata sa lagusan niya ngunit nahirapan ito dahil sa sikip niya.

Tinitigan siya ng kaniig “Are you still a—”

Tumango siya at hinalikan ang mga labi nito. “But please don’t stop,” anas niya nang putulin ang halik.

“I need to protect you,” he said.

“I’m safe,” giit niya. “You don’t need to use protection.”

Iniupo siya ng lalaki sa ibabaw nito at dahan-dahang ipinasok ang kahandaan sa kanyang basang-basang lagusan. Pero nang makitang mas nahihirapan siya sa ganoong posisyon ay inihiga ulit siya ng lalaki.

He covered her and opened the lips of her sex. Then his hardness was at her passage. He thrust hard and deep. “I’m sorry. I can’t stop now,” anas nito.

She whimpered. Ginusto niya ito. He was too big for her. He was stretching her, impaling her.

“I’m sorry, baby,” bulong ng lalaki. Mabigat ito sa ibabaw niya. Gumalaw ang mga hita nito at nagsimula itong umulos, mabilis, madiin.

Napakapit na lamang siya sa mga balikat ng

kasuyo habang bumabayo ito sa loob niya na naririnig niyang bumabangga ang kama nito sa dingding. Hindi na niya alam kung gaano katagal nilang ginagawa iyon basta walang babalang sumabog ang init sa loob niya at napasigaw siya sa tindi ng sensasyon. Nangatal si Gie.

“I’m cumming, too, baby,” ungol nito. Gumagalaw ang mga balakang nito, patuloy ito sa pag-ulos. She was so wet and he was still moving in and out of her. “Gie...”

“Oh, Fire!” sambit niya sa pangalan nito.

“Ahh, Gie! I’m there— ahh!”

Gustong sabunutan ni Gie ang sarili. She had sex with this man! Ibinigay niya ang buong pagkatao sa estrangherong ito? Gusto niyang maglupasay at umiyak, gisingin ito at bugbugin.

Tanga lang? Ikaw ang may gustong ibigay ang sarili mo sa lalaking ’yan!

Nilingon niya ulit ang lalaki. Napakahimbing pa ng tulog nito. Kung tutuusin ay wala talaga itong kasalanan dahil kusa niyang ipinagkaloob dito ang sarili. Hindi naman siya pinilit nito.

Wala na siyang magagawa kundi tanggapin ang nangyari. Kailangan na niyang umalis. Ayaw niyang magisnan pa siya nito. Isa-isa niyang pinagdadampot

ang nagkalat niyang mga damit sa sahig.

“Mabuti naman at kumpleto pa kayong lahat,” kausap niya sa mga saplot at dahan-dahan ang mga galaw na isinuot ang mga iyon. Maingat siyang lumabas ng pinto at dali-daling naglakad palayo sa unit nito. Hinanap agad ng mga mata niya ang elevator.

Nasaan ba ako? ’Asan na ba ang lecheng elevator na ’yun?

Pinipilit niyang pakalmahin ang sarili. Nang mahanap ang elevator at sa wakas ay makarating sa ground floor ay nagmamadali siyang lumabas at hinanap ang sakayan ng taxi. Agad niyang pinara ang paparating na cab at nagpahatid sa tinutuluyan.

Sinulyapan niya sa huling pagkakataon ang lugar na pinanggalingan at isang malalim na buntong-hininga ang kanyang pinakawalan. Naglalaro sa alaala niya ang mukha ng lalaking iniwan,

“*Fyro Santisteban,*” pakilala nito nang nagdaang gabi. “*You can call me ‘Fire,’ like my friends do.*”

Naisip niya ang mapupulang labi nitong nakangiti sa kanya. Ipinilig niya ang ulo.

Ano ba, Gie! saway niya sa sarili.



***F**ive years later...*

*Supermodel/Actress, Ginagamit Ang
Katawan Para Mabigyan Ng Project!*

Gie M—May Bagong Boylet!

Gie Montemayor, May Dini-date Na Director?

*“Genevieve M At Direk Harry—Hulicam Ang
Lambingan! Ano Ang Masasabi Ng Asawa Ni
Direk?”*

“O, Jordan?” mahinahon niyang bati nang mapagbuksan ito ng pinto. “Naligaw ka?” patay-malisyang niyang tanong kahit alam na niya ang dahilan ng pagpunta nito sa bahay niya.

“Trending ka na naman!” Hinawakan siya nito sa magkabilang braso. “Ayos ka lang ba?”

Malalim siyang bumuntong-hininga bago sumagot. “Oo naman, ako pa. Sanay na sanay na ako sa mga issue na ’yan. Wala namang bago, di ba?” Mapakla siyang ngumiti at tumingin sa labas ng bintana.

“I know you’re not okay, Gie,” saad nito.

Nang humarap siya ay nakita niya ang pag-aalala sa mga mata ng lalaki. Hindi na niya ito sinagot. Wala ring saysay na ipilit na maayos siya dahil ang totoo ay hindi talaga siya okay.

Nasasaktan man siya sa mga panghuhusga sa kanya ay wala siyang magagawa kundi ang pabayaang mga ito. Ayaw niyang magpaliwanag sa mga taong may sariling bersyon ng kwento. Isa pa, hindi naman magbabago ang pagtingin ng mga ito sa kanya.

Naupo na lamang siya at sinabihan si Jordan na maupo rin. “Gusto mo ba ng tubig?” alok niya rito.

Umiling ito. “Ano ba kasi ang nangyari at nakunan kayong magkayakap ni Harry?”

Film director din si Jordan Valverde. Bagaman nali-link siya rito, di tulad ni Harry Alvarez ay binata ito. Lumaki lalo ang issue dahil si Harry ay asawa ng anak ng may-ari ng modeling agency na may hawak sa kanya.

May pelikula kasi siya at si Direk Harry ang producer-director. Magkaibigan sila nito dahil kay Jordan, pero bukod doon ay wala silang ibang relasyon. Hindi rin niya alam kung paanong may picture sila na magkayakap, malamang ay edited iyon. Pero nakita na niya ang larawan at kahit siya ay aminado na paniniwalaan ng makakakita na may relasyon nga silang dalawa.

Kung saan man siya nakarating sa mahigit apat na taon ng pananatili sa industriya ng showbiz at sa mundo ng modeling, gusto niyang ipagsigawan na nangyari iyon dahil nagsikap siya at nagtiis. Hindi siya kumapit sa patalim at nang-apak ng tao. Sipag at dedikasyon ang puhunan niya. Pero sino ang maniniwala sa kanya?

Laman ng pahayagan at online articles ang lahat ng paninira sa kanya. Gusto niyang magalit, pero gusto niya rin mag-ingat sa pagkokomento at baka kung ano pa ang masabi niya.

“Mananahimik ka na lang ba ulit, Gie?” untag ni Jordan.

Nagkibit-balikat siya. Alam niyang busy rin ito, pero heto at may panahon sa kanya.

“Hayaan na lang natin sila, Dan,” aniya. “Those people think I’m a whore anyway.”

“Gie!”

“It’s true. Minsan, di pa rin ako makapaniwala na sumikat ako sa kabila ng ganoong reputasyon. Dahil ba may mga fans talaga ako na naniniwala sa akin? Siguro.” Nagkibit-balikat siya. “Tinatanong ko rin kung bakit hindi ko pa sinusukuan ang industriyang ’to. Dahil ba grateful ako na hindi pa rin ako nalalaos? Ano ba’ng hinihintay ko pang mangyari?”

“You’re being unfair to yourself dahil nananahimik ka lang,” giit ni Jordan.

“Wala akong pakialam sa iniisip ng ibang tao sa ’kin. Ang importante ay kilala ko ang sarili ko at kilala mo ako.”

Kinabig siya nito palapit at hinalikan sa noo. “Alam kong malakas ka, pero trabaho mo rin na ipagtanggol ang sarili mo, Gie. Walang ibang gagawa n’un para sa iyo.”

Tumingin siya sa mga mata ni Jordan. “So bakit lagi mo akong ipinagtatanggol? Pati tuloy ikaw nagkakaroon ng issue.” Napailing siya.

Bumuntong-hininga ito. “I really wish I can protect you every single time. Paano kung saktan ka na talaga ng asawa ng mga nali-link sa ’yo? Not all the time ay nasa tabi mo ako,” sabi ng lalaki sa

nag-aalalang tono.

Inihilig niya ang ulo sa balikat nito. “I can take care of myself, Dan. Trust me.” Ang totoo, kaya lang siguro hindi siya pisikal na makanti ng mga kumakaaway sa kanya ay dahil talagang pakakasuhan ang mga ito ni Jordan. Ginawa na iyon ng lalaki sa isang stalker niya.

Limang taong gulang pa lang siya noong iwan siya ng sariling ina sa pamilya ni Jordan. Malayong kamag-anak daw ng mama nito ang kanyang ina.

“*Bibilhan mo ako ng laruan, Mama?*” inosenteng tanong niya sa ina.

“*Oo, kaya dito ka muna kay Ate Nesy, ha? Bawal kasi magdala ng bata sa pupuntahan ko. Baka mawala ka d’un,*” paliwanag ni Lara.

Wala siyang kamalay-malay na iyon na ang huling pagkakataon na makakasama niya ang ina.

“*Mama, I love you po kahit na hindi mo ako love. Basta love na love kita, Mama, kaya sana balikan mo ako. Hihintayin kita, Mama. Anong oras ka po babalik?*” Naalala niya ang malaki nitong bag.

“*Babalik din agad ako, Gie, pag nabili ko na ang laruan mo. Huwag kang mag-alala, babalikan ka ni Mama.*”

Natatandaan niya ang malungkot na mga mata

ng ina ni Jordan habang kausap ito ng kanyang mama. Nakatingin ito sa bag niya na may lamang kaunting damit.

“Gie, magpakabait ka dito, ha? Huwag kang pasaway habang wala ang Mama. Naiintindihan mo ba ako?” bilin ng ina sa kanya.

Hinintay ng batang Gie ang mama niya, pero lumipas ang mga linggo, buwan, at taon ay walang ina na bumalik para tumupad sa pangako. Hindi na ito nagparamdam pang muli. Habang nagkakaisip ay unti-unti niyang natatanggap na hindi na talaga ito babalik.

“Nay Nesity, nami-miss din po kaya ako ni Mama?” tanong niya sa babaeng naging mabuting pangalawang ina sa kanya.

Malungkot ang mga mata nito kahit may ngiti sa mga labi ng magandang ginang. “Oo naman, Gie. Sigurado akong nami-miss ka niya. Si Kuya Jordan mo nga kapag nawala lang saglit sa paningin ko, nami-miss ko na agad.”

Naisip niyang napakasuwerte ni Jordan dahil nakikita talaga niya kung gaano ito kamahal ni Nanay Nesity.

“Ganu’n po ba? Pero bakit ako nagawang iwan sa inyo ni Mama nang matagal, Nay?” Itinatanong niya

noon lagi kung bakit hindi ang ina ang nag-aalaga sa kanya.

“Baka may malalim na dahilan si Mama mo, Gie. Hindi mo pa maiintindihan ’yun sa ngayon, pero kapag malaki ka na, maiintindihan mo din siya.”

Iyon lagi ang paliwanag ni Nanay Nessy sa kanya sa tuwing nalulungkot siya kapag naaalala ang ina. Minsan ay nakakatulugan na niya ang pag-iyak, kung di man ay nagiging na malungkot.

“Tahan na, Gie,” alo ni Jordan minsang magising siyang wala si Nanay Nessy sa tabi niya. “Wala si Nanay kaya—”

“Ang Mama ko? Nasaan na ang Mama ko?”

Limang taon ang agwat sa kanya ni Jordan, pero bata lang din ito tulad niya. “Kasi, Gie... tanggapin mo na lang na hindi na babalik ang mama mo. Huwag ka nang malungkot, nandito naman kami ni Nanay. Hindi ka nag-iisa. Kaya tahan na.”

Bagaman may tampo sa sariling ina, nagpapasalamat pa rin siya rito na iniwan siya nito sa isang mabuting pamilya. Balo na si Nanay Nessy, pero nakakaluwag ito sa buhay dahil isang sikat na director at screenplay writer ang asawa nito noong nabubuhay pa. Mayaman din ang pinagmulan nitong pamilya.

Pinalaki sila ni Jordan na parang tunay na magkapatid. Pinag-aral siya ni Nanay Nesy sa magandang eskwelahan. Graduate na si Jordan ng college at nagtatrabaho na bilang instructor sa isang university nang mamatay si Nanay Nesy sa sakit na cancer. First year college naman noon si Gie.

Hindi maipaliwanag ni Gie ang lungkot na nadama nang iwan sila ng ginang. Parang sa ikalawang pagkakataon ay nawalan siya ng ina, at mas masakit pa dahil matagal niya itong nakasama at parang ito na ang tunay niyang magulang. Ipinaramdam ng babae sa kanya na mahal siya nito, ito ang pumuno sa lahat ng pagkukulang ng tunay niyang ina.

Nang mailibing na si Nanay Nesy, saka lang nalaman ni Gie kung gaano talaga ito kayaman. Maraming pala itong properties at nasa real estate ang negosyo ng pamilya nito, ang lolo at lola ni Jordan. Iisa lamang ang kapatid nito. Hindi siya umasang may matatanggap siya mula sa nanay-nanayan dahil hindi naman siya tunay na anak.

Ang hindi nila alam, legal siyang inampon ni Nanay Nesy. May iniwan palang affidavit dito noon ang kanyang ina na pumapayag ito kung iyon ang ipasya ng una.

At dahil nga legal siyang kinilala ni Nanay Nussy bilang anak, entitled siya sa mana, gaya ng paliwanag ng abogado nito. Puwede niyang gamitin ang apelyido ni Jordan bilang kapatid nito, pero hindi siya nagpalit ng pangalan. Siguro dahil sa kaibuturan ng puso niya, umaasa siyang babalik ang tunay na ina at ang pangalan niya ang pinakamadaling paraan para mahanap at makilala siya nito. Pero bagaman matagal na niyang natanggap na hindi na siya babalikan at kikilalanin ng mama niya, hindi pa rin siya bumibitiw sa pag-aartista.

Ang bahay na tinitirahan nila ay ipinamana ni Nanay Nussy kay Jordan, pero binigyan siya ng ginang ng sariling condo unit na belated high school graduation gift umano nito sa kanya. Bago nagkasakit ang Nanay Nussy niya ay nakuha na siyang talent at commercial model. Sinasamahan siya nito sa auditions, casting calls, at VTR.

Isang taon pagkamatay ng mama nito ay nagpaalam si Jordan sa lolo at lola nito at sa kanya na mag-aaral ito sa America. Tapos naman na ito ng Mass Comm at may master's degree na rin. Nag-resign ito sa university na pinagtuturuan at nag-aral ng Filmmaking at Fiction Writing sa New York. Pumayag naman ang lolo at lola nito dahil

baka raw nasa dugo talaga ni Jordan ang nasabing profession. Hindi rin pinipilit ng mga ito ang binata na magtrabaho sa kompanya ng pamilya dahil may uncle naman si Jordan na mahusay mamahala niyon.

Bumalik si Jordan ilang buwan pagkatapos niyang mag-graduate ng college at ngayon nga ay isa na itong sikat na director. Isang foreign romcom series ang una nitong project at namayagpag iyon sa social media at online viewing sites at nagkaroon pa ng Filipino at Korean adaptations.

Nagkakaroon ng issue sa kanila dahil walang nakakaalam na adoptive brother niya si Jordan. Siguradong pag may nakatuklas ng tungkol doon ay may masama pa ring masasabi ang mga naninira sa kanya kaya kinumbinsi niya ang binata na huwag na lamang iyong isapubliko. Isa pa sigurong dahilan kung bakit sila iniintriga ay dahil nga close sila—pumupunta ito sa bahay niya at kinukuha siya ng lalaki pag may projects ito at inirerekomenda rin siya nito sa mga kakilala.

Tinatanggap niya ang offers dahil malaki ang utang na loob niya sa kapatid at ina-appreciate niya ang tulong nito. Alam niyang matinong trabaho pag galing kay Jordan, kaya bakit siya tatanggi? Pero ang chismis, kumakabit siya sa kung sino-sinong

producer at director.

Naalala niya noong sumama siyang mag-bar sa mga kaibigan niya isang gabing napakalungkot niya. At nakilala nga niya si Fire Santisteban at nagawa niya ang pinakamalaking kagagahan...

“Saan na napunta ang isip mo, Gie?” untag ni Jordan at bumalik siya sa kasalukuyan.

“Ha? Wala.” Gusto niyang maghilamos. Nag-iinit ang mukha niya. Tumayo siya para pumunta sa banyo.

“Saan ka pupunta?”

“Magbibihis. Bibili ako ng gelato.” Hinarap niya ito. “Sama ka?”

Sukat doon ay napangiti ito at parang noon lang naniwala na okay lang siya. “Libre mo ako?”

Tinaasan niya ang lalaki ng kilay. “Mas madami kang pera, uyy,” pabirong tanggi niya.

“Kuripot!” tudyong nito.

“Oo na, ililibre na kita,” pangako ni Gie.

2



Genevieve Montemayor was still the most beautiful and sexiest woman Fire Santisteban had seen. Tila lahat ng lalaki ay nabibihag ng angkin nitong ganda. Magtataka pa ba siya na pati ang bayaw niya ay nababaliw sa nasabing babae? Siya man ay minsang nahulog sa alindog ni Gie Montemayor.

Limang taon na ang nakakalipas, pero naaalala pa rin niya ang nangyari sa kanila. Hindi na ulit iyon nasundan dahil hindi na ulit sila nagkita. Nangibang-bansa siya at pagkatapos nga ng maraming taon ay bumalik dito sa Pilipinas. Ginawa niya iyon para ayusin ang gusot na dinala ni Gie Montemayor sa buhay ng Ate Faye niya.

Laman ng balita ang dalaga. Hindi mahirap paniwalaan na pumapatol ito sa mga director para sumikat kung ang pagbabasehan ay ang mga chismis tungkol dito. He wanted to give her the benefit of the doubt. Pero hindi niya maiwasang masuklam sa

babae. Of all people, pati ba naman ang bayaw niya?

Nagulat si Fyro nang tumawag sa kanya ang Ate Faye niya dahil hindi pa nito iyon ginawa. Siya ang laging kumokontak sa kapatid. Pero binulabog siya ng kagustuhan nitong makipag-video chat at iyak pa ito nang iyak habang magkausap sila.

May litrato raw ang asawa nito na may kayakap na ibang babae. Nasaktan umano ito dahil noon lang daw natukso sa ibang babae si Harry.

Nang mga oras na iyon ay wala siyang kaide-ideya na ang Gie Montemayor na binabanggit ng Ate Faye niya at ang Gie na nakilala niya five years ago ay iisang tao. Hindi niya maipaliwanag ang pagkadismaya at ang galit na nadama nang ma-realize na ang babaeng tinutukoy ng kapatid ay ang espesyal na dalagang di niya makalimutan.

Naalala ni Fyro ang pag-uusap nilang magkapatid.

“She’s a whore! A home wrecker!” sigaw ng ate niya. Kaka-send lang nito noon ng link ng picture ni Harry na kayakap ang nasabing babae at nag-uunahan ang mga tanong sa isip ni Fyro.

She’s Gie? But... she’s a virgin. How can she be a whore? *tanggi ng isip ni Fyro.*

Hindi niya inakalang ito ang babaeng nakilala

niya at nakaniig five years ago. Sabagay, pangalan lang ang iniwan nito sa kanya.

“Marami na siyang nasirang pamilya,” patuloy na iyak ng ate niya.

Gusto niyang mainis sa kapatid at sabihing wala itong sapat na ebidensya, pero naawa siya sa hitsura nito at nalulungkot siya para rito. Gusto niya itong yakapin at patahanin, pero napakalayo niya.

“Ate, tahan na. Huwag kang mag-alala. Uuwi ako para tulungan kayong magkaayos ni Kuya Harry.”

“You always say that, pero hindi mo naman ginagawa. Ilang beses ka nang nangako na uuwi ka, pero hanggang ngayon hindi pa rin natutuloy. I hate you! You’re never there when I need you!” At humagulhol na ito.

“Ate, I’m sorry. I promise, darating ako. Just... wait for me, okay? At bigyan mo ng chance si Kuya Harry na mag-explain. Baka may naiinggit lang sa inyo kaya sinisiraan siya,” sabi niya. Sa estado ng kapatid niya, nag-aalala siya na makaisip ito ng hindi maganda.

“I don’t want to talk to him! At hindi rin siya nagpapaliwanag. He’s always busy with his movies and projects. I hate him!”

“Come on, Ate. Kailangang maiayos n’yo ang

pagsasama ninyo. Hintayin mo ako. Wash your face and get some rest. Aayusin ko lang ang natitira kong trabaho and I'm going to book my flight ASAP."

Inisa-isa niyang ni-click sa phone ang mga pictures ni Gie Montemayor na na-search niya online. Ibang-iba na ang ngiti nito ngayon. Wala na siyang mabakas na kainosentehan.

Kayang-kaya mo na ring manira ng pamilya ng may pamilya ngayon. Iyon ang iniisip ni Fyro habang nakatitig sa picture nito sa screen ng laptop niya.

Napangiti siya nang pauyam. He knew very well how to deal with a woman like her. Pera lang ang katapat nito. Katulad lang din ito ng ex-fiancée niyang si Margaux. Napalis ang ngiti niya sa naalala.

Pinaimbestigahan niya si Genevieve Montemayor at napag-alaman niyang may boyfriend ito, si Jordan Valverde. Mahusay na director si Direk JV at ilang beses na rin itong na-hire ng pay TV network na pag-aari ng pamilya nila para mag-direct ng original cable movies at documentaries. Base sa report ng private investigator ay may relasyon na si Gie at si Jordan noong panahong may nangyari sa kanila ng dalaga. Bilib siya sa lalaki dahil pumapayag ito na iniiputan sa ulo. Mahaba ang listahan ng mga lalaking napa-link kay Gie Montemayor at

karamihan sa mga iyon ay mga may asawa.

Mahal na mahal siguro niya itong si Gie, sabi ni Fire sa sarili, napapailing.

Nakonsyensya pa man din siya noong hindi niya na nagisnan ang dalaga sa unit niya. Kahit na nga ba sinabi nitong safe ito, nag-alala pa rin siya. Gusto niya ring sipain ang sarili dahil hindi siya gumamit ng protection. Pero hindi na rin niya mapigil ang pagnanasa rito...

At hindi ba minsan na rin siyang napaniwala ni Margaux na buntis ito kaya kailangan nilang magpakasal? Hindi pa rin talaga siya natuto. At pagkatapos niyang alukin ng kasal ang babae at regaluhan ito ng engagement ring na nagkakahalaga ng isang milyon ay tinalikuran siya nito. Margaux had also been a virgin... or at least, iyon ang sabi nito. Pati iyon ay gusto niyang pagdudahan nang may mangyari sa kanila ni Gie.

She was so tight and I hurt her. Naroon din ang ebidensya ng virginity nito sa kubrekama niya kinaumagahan.

Nagtagis ang bagang sa naisip na itinabi ni Fire ang hawak na cell phone. Tumayo siya at nagtungo sa banyo para maligo. Pinihit niya sa pinakamalamig ang tubig.

“Damn you,” mura niya sa babaeng iniisip habang nakatapat sa malamig na shower.

Hindi naman isyu kung birhen pa ang babae o hindi na. Magaling lang sa double standard ang ibang lalaki. Wala pa yata siyang nabalitaan na may babaeng tumangging magpakasal sa isang lalaki dahil hindi na virgin ang huli.

Mula nang mabigo siya sa huling nobyang si Margaux ay hindi na siya muling nagseryoso sa babae. Pare-pareho lang ang mga ito. Sabagay, nakakalimutan ng kahit sino ang lahat sa ngalan ng pera at kasikatan.

Isang patotoo si Gie sa bagay na iyon. Balewala ritong masira ang reputasyon basta kumita ng pera at sumikat. Bukod sa pay TV network ay may talent at modeling agency rin ang pamilya nila kaya may mga hawak silang modelo at artista.

Dahil sa problema ng Ate Faye niya sa asawa nito ay napilitan na siyang pumayag sa kahilingan ng kanyang ama na pag-aralan ang pamamalakad sa kompanya nila. Nang ma-mild heart attack ang daddy nila nito lamang nakaraang buwan ay hindi siya napilit umuwi ng kapatid kahit na nga gusto niya rin sanang makita ang magulang.

Siguro nga ay di pa rin niya lubusang

nakakalimutan na ipinagpalit siya ng ex-fiancée niyang si Margaux sa kanyang papa. Hindi ibig sabihin na umuwi siya ay napatawad na niya ang mga ito. Tinanggap niya ang posisyon sa kompanya nila dahil alam niyang kaya niya ang trabaho at dahil karapatan niya iyon. Dalawa lamang silang magkapatid ng Ate Faye niya at ang pagtulong at pagpapaunlad ng kanilang kompanya ang pinakatamang paraan para mapangalagaan ang kanyang pamilya. Iniwan niya ang maayos na trabaho sa America bilang musician at voice actor sa isang computer animation studio. Noong unang tatlong taon niya ay lead singer at vocalist siya sa isang banda, pero nag-concentrate na lamang siya sa songwriting.

Kapag may mga special projects naman ang kompanya nila rito sa Pilipinas at kaya ng schedule niya ay nakikipag-coordinate sa kanya ang secretary or VP for Operations ng kanyang ama para siya ang gumawa kung nasa linya rin lang niya.

Matapos makaligo at makapagbihis ay hinagip ni Fire ang remote control at binuhay ang TV sa kuwarto niya sa dating bahay nila. Mga katulong lamang ang karaniwang naroon dahil may bagong bahay ang daddy niya at si Margaux. Pero kasama

niya ngayon sa bahay ang Ate Faye niya dahil umalis daw muna ito sa poder ng asawa. Kapag hindi pa umuwi ang Ate Faye niya sa asawa nito ay babalik na siya sa condo unit niya. Naglilinis pa kasi siya roon dahil matagal na walang nakatira.

Pakiramdam niya kasi ay nagiging hysterical ang kapatid at baka nakakasama rito na naroon siya at parang kinukunsinti ang paglayo nito kay Harry sa halip na ayusin ng mga ito nang magkasama ang problema.

Naupo si Fyro sa kama habang kinukuskos ng towel ang buhok. Nagpalit ang commercial at tumambad ang mukha ni Gie. May ini-endorso itong beauty product. Napatitig siya sa mapang-akit na mukha ng babae. Masisisi ba niya ang bayaw kung pumatol ito sa kagandahang iyon? Pero may asawa itong tao at dahil doon, may kasalanan ito.

Lalo lamang gumanda ang mala-anghel na mukha ng dalaga sa nakalipas na mga taon. Na-define ang hubog ng katawan nito. Ano kaya ang magiging reaksyon nito kapag nakita siya? Makikilala pa kaya siya ng babae? Hindi niya masisi ang mga lalaking naugnay rito. She was such a tease.

Gaya ng simpleng pagkagat nito sa labi at ang malalagkit nitong pagtitig. He could get hard just

thinking of her.

Pangkama lang, naisip ni Fyro habang minamasdan ang mukha ng dalaga sa screen. Iyon din siguro ang tingin dito ng mga lalaking nauugnay rito. Sa inis ay agad niyang pinatay ang TV.

Gie possessed a very special brand of charm. Parang nakakahipnotismo ang simpleng tingin nito. Isang ngiti lang ng dalaga ay nakakalusaw ng problema. Iyon ang naramdaman niya five years ago nang makilala ito.

“Magkikita tayo ulit, Gie Montemayor, at sa pagkakataong ito hindi ka na basta-basta makakalayo,” pangako ng binata.

3



"Miss Gie, start na tayo in thirty minutes. Ready ka na po ba?" tanong ng coordinator sa kanya.

Nginitian niya ito at tumango. "Yes, I'm ready."

Napalingon siya sa pintuan dahil pumasok ang kanyang manager slash best friend na si Albert Guzman. Mukhang stressed na stressed ito habang may kausap sa cell phone. Nakalapit na ito sa kanya ay busy pa rin sa pagkuda.

"Oo nga, kahapon pa natin napag-usapan, di po ba? A-attend talaga si Gie sa event na 'yan," kumpirma nito sa kausap.

She hated parties, pero madalas ay kasama iyon sa trabaho niya. These days, doble ang dahilan ng pag-aalangan niyang pumunta sa mga pagtitipon. Malay niya kung doon siya sugurin ng asawa ng kung sinong nali-link sa kanya?

"Yes, madam. Makakapunta po ang alaga ko. Okay na? Okay, bye." At pinatay nito ang tawag. Tila

pagod na pagod na naupo ito sa tabi niya. “Hay! Saang gawi ba ng higaan ako bumangon? Bakit ang sama ng araw ko ngayon?” reklamo nito.

“Anyare?” tanong ni Gie.

“Umabsent ang driver ko kaya napilitan akong mag-drive, ’tapos ang daming tumatawag sa ’kin, tinatanong lang kung tutuloy ka ba sa party mamaya. Naku! Bakit ba atat silang pumunta ka?” Sambakol ang mukha nito.

Matagal na niyang kilala si Albert at alam niyang mapagkakatiwalaan niya ito ng pinakamalupit niyang sikreto. Mahal niya ito na parang kapamilya. Hindi tanggap ng ama nito ang paggiging bisexual ng anak, pero mahal na mahal ito ng mama nito na naging close na rin sa kanya.

“Baka kasi nakatuwad ka habang natutulog kaya minamalas ang araw mo. Malamang sinuwerte ka kagabi,” biro ng dalaga.

Alam niyang matatawa ito sa sinabi niya.

“Gaga!”

Naaaliw siya rito dahil unpredictable ang personality nito. Minsan bading na bading tulad ngayon, minsan naman lalaking-lalaki. Tumayo siya at hinalikan ito sa pisngi bago tinungo ang pintuan palabas ng dressing room.

“Wish me luck.” Kinindatan niya ito at bago tumalikod ay nakita niya itong nag-thumbs up.

Pagkatapos ng photo shoot ay kumain sila ng kaibigan. Nagpasama ito sa spa at pinilit siyang magpamasahe raw sila para mabawasan ang stress nito bago raw sila pumunta sa event.

Si Albert na rin ang pumili ng isusuot niya para sa party mula sa ilang gowns na dala niya sa van. Sinabi nito sa makeup artist sa spa/salon na hayaang nakalugay ang mahabang buhok niya.

Pagdating nila sa venue ay marami nang tao at reporters.

“Si Miss Gie!”

Nasilaw siya sa kislapan ang flash ng mga camera.

“Miss Gie, totoo po bang may something sa inyo ni Direk Harry? Gaano katagal na po ang relasyon n’yo?” tanong ng babaeng reporter.

Wala siyang balak sumagot, pero may kasunod na agad ang tanong nito mula sa isang lalaki na nasa forty years old ang edad.

“Wala na po ba kayo ni Direk JV?”

Hinawakan siya ni Albert at napatingin siya rito. Umiling ang kaibigan at ito na lamang ang humarap sa reporters at sinabing naroon sila para

dumalo ng anniversary party ng kompanya at hindi magkokomento.



Nakapuwesto na sila ni Albert sa mesa nila nang mahagip niya ang sinasabi ng emcee.

“Good evening. Thank you all for being with us tonight and joining us for this important announcement. It’s very exciting to share the stage with our next President and CEO. He has done so many things for this company even working from afar. Please welcome, Mr. Dean Fyro Santisteban.” Nagpalakpakan ang mga nasa paligid at halos mabingi si Gie.

Hindi iyon dahil sa lakas ng palakpak at ugong ng masayang pagbati kundi dahil parang bombang bumagsak at sumabog ang pangalan sa kanyang pandinig.

It can't be...

Kinabahan siya. How could she forget that name? Fyro Santisteban. Baka naman kapangalan lang? Pero paano nga kung ang lalaking nakasama niya five years ago at ang CEO ng modeling at talent agency niya ay iisa?

Nalaglag ang panga niya nang mabistahan ang lalaking umakyat sa stage para magsalita.

“Good evening, everyone,” bati nito sa baritonong boses na hindi niya makakalimutan.

It was him!

Mabuti na lang at naalala niyang isara ang bibig. Ito na yata ang pinakamalaking sorpresa na natanggap niya. Parang kahapon lang nangyari ang lahat. Pigil ni Gie ang hininga habang ibinabalik ang tingin sa nagsasalita sa unahan.

Parang may bumangga sa dibdib niya nang makitang nakatitig din ito sa gawi niya. Nanigas siya sa kinauupuan. Siya kaya talaga ang tinitingnan nito? Nakilala rin kaya siya ng lalaki? Imposible.

Nag-mature ito, pero lalo lang iyong nakadagdag sa kaguwapuhan at charisma ng lalaki.

Wala na siyang naiintindihan sa mga sinasabi ng lalaki sa speech nito. Parang kanina pa siya nabingi.



Nagpapasalamat si Gie na walang nangyaring encounter sa pagitan nila ni Fyro Santisteban. Oo nga at umalis din agad sila ni Albert sa party, pero naisip niyang kung talagang interesado ang bagong CEO sa kanya ay gagawa ito ng paraan para magkakarap silang muli. Bagay na hindi nangyari. Sa isang banda, nakahinga siya nang maluwag.

Hindi niya alam kung bakit may nakakapa

siyang panghihinayang sa loob niya. Mas maigi nga kung hindi na magtatagpo ang landas nila. Wala rin naman siyang masasabi sa lalaki. Nahihiya siya na hindi niya maintindihan. Isa pa, parang hindi naman siya natatandaan nito.

Naging playmate ka lang niya, kutya ng utak ni Gie.

Meeting him again would be awkward. Isa pa, sino ba siya para sadyain nito? Kahit nga ang dating presidente na tatay pala ni Fyro ay hindi niya na-meet. Ang nakakaharap niya ay ang vice president for operations na isang babae.

“Good morning, Miss Gie,” bungad ni Loraine, ang all around messenger. May iniabot itong sobre.

“Ano ’to?” nakangiting tanong niya.

“Bigay lang ’yan sa ’kin ni Ate Elsa, sabi niya iabot ko daw sa ’yo. Galing daw sa taas ’yan,” sagot nito at nagpaalam na.

Sa taas?

“Salamat,” sabi lang niya sabay baliktad ng sobre para tingnan kung may nakasulat ba kung kanino iyon galing. Walang nakalagay kaya inilagay na lang muna niya sa bag.

Hinihintay niya si Albert dahil may pupuntahan silang trade show. Sa main building ng *SMedia*

Studios and Network ang usual meeting place nila dahil mas malapit iyon sa apartment ng manager at karaniwan ay may dinadaan pa itong trabahon, pero wala pa rin ito. May limang minuto na rin siya sa coffee shop sa lobby ng building at doon nga siya nakita ng messenger.

Naisipan niyang ilabas ang sobre at alamin kung kanino iyon galing. Baka fan mail lang. Puwede ring hate mail. At talagang nag-init ang ulo niya nang makita ang nasa loob niyon.

It was a check for five million pesos. At may maikling note iyon na kasama.

Miss Montemayor,

Stay away from my sister's husband.

Dean Fyro Santisteban

Napatayo siya sa sobrang galit. Nanginginig ang kamay na nalamukos niya ang hawak na note at cheke.

Nagkamali siya. Mukhang nakilala siya ng lalaki. Nakalimutan niyang kapatid ito ni Faye Alvarez, ang asawa ni Direk Harry na napapa-link sa kanya.

At gusto siyang bayaran ng bagong presidente nila para layuan ang asawa ng kapatid nito. The bastard! Hindi man lang nito inalam ang totoo.

Bago pa nakapag-isip ay tinutungo na ng mga paa niya ang elevator. Pupunta siya sa floor ng opisina ng mga executive. Pinindot niya ang button para sa seventh floor at bahagyang nahimasmasan nang tumayo ang receptionist na nasa bungad.

“Good morning po,” bati nito.

Huminga siya nang malalim bago sinabi ang pakay. “Nasa office ba niya si Mr. Santisteban? Urgent lang,” aniya. “Saan ba ang office niya?” Saka lang niya naisip na susugod-sugod siya na wala man lang siyang bala at hindi pa alam kung saan ang giyera.

“May appointment po ba kayo, ma’am?”

Nag-iinit na muli ang ulo niya at gusto niyang magmura. “Wala, eh. Pero importante talaga. Can you call his secretary? Baka naman maiisingit ako sa schedule niya.”

“Wala pa po siyang secretary, ma’am, kasi iyong secretary po ng dating president ay sa daddy pa rin niya nagre-report at sa bahay po ni Boss Stephen nag-oopisina iyon,” magalang na sagot ng receptionist.

Isa pang dahilan kung bakit hindi niya nai-connect kay Fyro Santisteban ang modeling agency na pinapasukan ay dahil kilala nilang lahat ang dating presidente sa tawag na Boss Stephen at ang alam niyang pangalan nito ay Philippe Stephen.

“Saan ba ang opisina niya dito? Importante lang talaga.”

“Sorry po, ma’am. Ganito na lang po, babanggitin ko po kay Sir Fyro pagdaan niya dito na humihingi kayo ng appointment.”

“Busy rin kasi ako, eh,” sabi niya. “Sandali lang naman ako. Isosoli ko lang ito. Nagkamali yata kasi’yong messenger n’yo, si Loraine, at sa akin naibigay. Tingin ko, para ito sa ibang talent.” Ipinakita niya sa receptionist ang cheke at nakita niyang nanlaki ang mga mata nito. Mukhang sa wakas ay naniwala ito na mahalaga ang sadya niya dahil sa dami ng zero sa cheke. “Kailangan kasi personal ko itong maibigay,” dahilan ni Gie. “Ayoko kasing managot sa ganito kalaking halaga. Nagmamadali rin ako dahil may trade show akong pupuntahan ngayon.”

Tumingin ang receptionist sa isang pinto at sinunandan niya ang tingin nito. Nagpasalamat siya rito at dumerecho roon.

Hindi niya talaga inaasahan ang malaswang

ginagawa ng dalawang tao na inabutan niya sa binuksang opisina.

Kalas ang mga butones ng polo shirt ni Fyro. Nakatagilid ang executive chair nito at nakaluhod sa harap ng nakabukas na din nitong pantalon ang isang magandang babae na halos nakaluwa na ang dibdib.

Mukhang di pa rin napapansin ng dalawa na may audience na ang mga ito.

Hindi man lang nag-lock ng pinto! gigil na naisip ni Gie.

“Can we talk, Mr. Santisteban?” pang-aabala niya sa mga ito.

Napatingin ang babae sa gawi niya at umasim ang magandang mukha nito. “What the f*ck!” mura nito at tumayo.

“You forgot to lock the door, Miss *Fellatio*,” magalang na sagot niya sa babaeng di kilala. Nakita niyang nakatingin na rin sa kanya ang lalaki. Tumayo ito at inayos ang pantalon bagaman hinayaan ang pagkakabukas ng polo nito.

“Leave us,” utos ni Fyro.

“Right! Leave us!” ulit ng babae, ni hindi inayos ang hitsura nito na halos hubad na.

Pinaikot ni Gie ang mga mata. Hindi siya aalis.

Tumingin si Fyro sa babae sa tabi nito. “I mean, please leave us. May dapat kaming pag-usapan ni Miss Montemayor.”

“What? Dean, you can’t do this to me!” reklamo ng nabiting babae.

“I’m sorry, Adelle. I told you I’m busy.”

“Ay, miss, ikaw pala ang pinapaalis niya,” pang-aasar ni Gie. “Don’t worry, di ko gagawin ang ginagawa mo. Kahit bayaran niya pa ako.”

“I’m his girlfriend! Hindi niya ako kailangang bayaran,” sabi ng babae bago ito padabog na umalis.

Poor girl, naisip ni Gie.

Ngayon ay silang dalawa na lang ni Fyro ang naiwan sa loob ng opisina nito. Parang slow motion ang dating sa kanya ng ginagawa nitong pagsasara ng mga butones ng polo shirt nito. Napaangat ang kilay niya. Bakit ba pakiramdam niya ay biglang uminit ang paligid? Gumagana naman ang aircon.

Nang titigan siya ng lalaki, parang nahirapan siyang huminga, lalo na nang suklayin ng mga daliri nito ang sariling buhok. Nag-isip siya ng sasabihin upang maging normal ulit ang hangin sa paligid, pero naunahan siya nitong magsalita.

“To what do I owe this visit?” tanong nito na maayos na ang suot na polo. Parang walang

kababalaghang nangyari.

“Alam mo kung bakit ako nandirito, Mr. Santisteban,” sagot ni Gie, nabablangko pa rin ang utak. Inilapag niya ang lukot na cheke sa mesa nito. “Isosoli ko ang pera mo.”

Nanatili pa rin itong nakatitig sa mukha niya. “Does it mean na wala kang balak layuan ang bayaw ko?” Naglakad ito patungo sa unahan ng mesa nito at sa harap niya. “Kulang pa ba ang limang milyon? How much more do you want? Double that amount? Triple?”

Pinatigas niya ang anyo, umatras saka naupo sa upuan sa harap ng desk nito.

Pinagkrus niya ang mga braso sa kanyang dibdib. “I want you to apologize to me.”

“Why? Hindi pa ba sapat ang pera sa ’yo, Miss Montemayor? Let’s see. What else could you want? Fame? Projects? We can arrange that,” mayabang nitong saad.

Hindi na ito ang lalaking nakilala niya. Nagkamali talaga siya nang ibigay rito ang buo niyang pagkatao. Tulad lang din ito ng marami, mapanghusga at maliit ang tingin sa kanya. Sabagay, magtataka pa ba siya? Ang kapatid at ang bayaw nito ang involved. Siyempre, siya ang bad guy kasi other

woman ang tingin nito sa kanya.

“Hindi ko kailangan ang pera mo o ang opportunities na ipinapangako mo,” mahina pero malinaw niyang saad.

“Talaga? Hindi ba ’yun mismo ang dahilan kaya mo inakit ang bayaw ko? Why not try me? Mas galante ako. O may asawa lang ba ang pinapatulan mo? Do you get your kicks that way?”

Gustong pumutok ng ulo niya sa naririnig. “Una sa lahat, Mr. Santisteban, hindi ko inakit ang bayaw mo. Wala kaming relasyon kahit ano pa ang chismis na nakarating sa ’yo,” nanggigigil niyang paliwanag.

How could he believe all those things about her? Malinis siyang nakuha nito! He of all people should know that she’s not a person who slept around.

“Really? So paniniwalaan na lang ba kita?”
Nang-uuyam ang ngiti ng binata.

Alam niyang hindi nila lubos na kilala ang isa’t isa at baka nga isa pang dahilan kung bakit mababa ang tingin nito sa kanya ay dahil easy lay ang tingin nito sa tulad niya. After all, ipinagkaloob niya ang puri niya rito kahit noon lang sila nagkakilala.

Hindi niya alam kung bakit gusto niya ngayong umiyak sa harap ni Fyro. Bakit ba siya nasasaktan sa sinasabi nito? Hindi naman siya apektado kahit

masama ang tingin sa kanya ng ibang tao.

Kumurap-kurap siya upang palisin ang namumuong luha sa mga mata.

“Hindi naman kita pinipilit na maniwala sa ’kin, Mr. Santisteban.” Ibinaba niya ang mga braso at sumandal nang komportable sa upuan. “Naisip ko rin na walang rason para magpaliwanag ako sa ’yo.”

Tumayo siya at inilapit ang mukha niya sa lalaki. Malapit sa bibig nito ang bibig niya nang magsalita siya. “Do not ever insult me with your money again, Mr. President. Palalampasin ko itong ginawa mo ngayon alang-alang kay Direk Harry. Pero sa susunod na gawin mo ulit ito—”

“Is it sex you want from me? Kaya ba tinatanggihan mo ang offer ko dahil hindi iyon kasama sa iniaalok ko?”

Umismid si Gia. “I already had that from you, Mr. Santisteban. There is nothing you can offer that will interest me.”

Iyon lang at tumalikod na siya para lumabas ng opisina nito.

Nahampas ni Fyro ang kanyang mesa sa galit. Napabuntong-hininga siya pagkatapos ng nangyari. Hindi siya makapaniwalang ni-reject nito ang offer niyang pera. Bukod doon, ininsulto pa nito ang

pagkalalaki niya.

Mayamaya ay napangiti siya at naupo sa upuang binakante ng babae. “I’ll play your game, Miss Montemayor.”

4



Napapangiti na lamang si Fyro kapag naaalala niya ang pagrerebelde niya noong teenager siya hanggang sa mga early twenties niya. Dati, isinisi niya iyon sa paghihiwalay ng mga magulang niya, pero nang matuto siyang mamuhay mag-isa at umasa sa sarili niyang pera ay napagtanto niya na wala siyang ibang dapat sisihin kundi ang sarili.

First year high school si Fyro nang maghiwalay ang mga magulang niya. Lumipad ang mommy niya papuntang America at nagtrabaho roon. Madali itong nakapag-adjust dahil naroon ang mga magulang at dalawa sa mga kapatid nito.

Napabarkada siya, nahilig sa pagbabanda, at mas pinili niyang maglakwatsa kaysa mag-aral. Nakatapos naman siya ng kolehiyo, pero hindi siya napilit ng daddy niya na asikasuhin ang negosyo nila. Ang Ate Faye niya na mas matanda lang sa kanya ng isang taon ay may asawa na at hindi rin nakaranas magtrabaho.

Isang gabi ay kinausap siya ng girlfriend na si Margaux.

“Wala ka man lang bang plano para sa future natin, Fire?” tanong nito habang magkatabi sila sa kama. Isa itong flight stewardess.

“Meron naman, Marge. Bakit mo naisipang itanong ’yan?” takang tanong ni Fyro.

“Nagtataka kasi ako kung bakit hindi pa tayo nagpapakasal. Okay naman ang trabaho ko at may kinikita ka na rin naman sa pagbabanda. Pero tingin ko, mas magiging stable ka kung hahawakan mo ang negosyo ng pamilya n’yo,” sabi nito.

“Bata pa naman tayo, Marge. Bakit ka ba nagmamadali?”

“Anong bata? Fire, twenty-four na ako at twenty-five ka na!”

Exactly! Bata pa sila, hindi ba?

At mahal niya pa ang kalayaan niya. Kung hahawakan niya ang negosyo ng pamilya nila ay hindi na siya makakapagbanda dahil siguradong magiging sobrang busy niya.

Imbes na sagutin ito ay dinaan niya sa lambing ang babae.

Dahil sa sinabi ni Margaux ay medyo nakonsyensya si Fire at nang mag-open ang

drummer nila na magku-quit na ito sa banda ay nagdesisyon siyang magseryoso na rin sa buhay. Tama naman si Margaux na hindi na sila bumabata.

Dahil niregaluhan siya ng daddy niya ng condo unit bihira na siyang umuwi sa bahay nila. Ang daddy na lamang niya ang nakatira roon dahil may sariling bahay na ang Ate Faye niya, kasama ng napangasawa nito.

Alas diez ng gabi siya nakarating sa mansion ng ama at mukhang nasa silid na ito dahil madilim ang bahay at wala nang mga katulong na gising. Ginamit na lamang ni Fire ang susi niya. Sigurado siyang nagtatrabaho pa ang daddy niya sa library dahil kilala niya itong workaholic.

Ang alam niya ay bukas pa ang dating ni Margaux mula sa flight nito at magandang sorpresa rito kung sasabihin niya na nakapagpasya na siyang iwan ang pagbabanda at magtrabaho sa kompanya ng daddy niya. Inalok na niya ito ng kasal last week at tinanggap naman nito ang kanyang proposal.

Dumerecho siya sa library kung saan madalas nag-oopisina ang ama, pero wala ito roon. Nag-alala siya na baka masama ang pakiramdam nito at maaga itong natulog. Mabibilis ang mga hakbang na tinungo niya ang silid nito, kumatok nang dalawang

beses at binuksan na iyon.

Hindi niya alam kung sino ang mas nabigla, kung siya o ang dalawang tao na magkasama sa kama—ang kanyang ama at ang pinakamamahal niyang si Margaux!

Hindi niya alam kong paano siya nakalabas ng mansion. Pag-uwi sa condo ay tinawagan niya ang ina. Matagal na nitong hinihiling na sa New York na lamang siya tumira kasama ito, pero tumatanggi siya at sinasabing taon-taon naman niya itong binibisita. Nang gabing iyon ay sinabi niya rito ang problema at hindi siya nagdalawang-salita.

Umalis siya ng Pilipinas nang hindi nagpapaalam sa ama. To be fair to his dad, naging mabuting magulang ito. At gumawa ito ng paraan para mapatawad niya sa loob ng mga taon na wala siya sa Pilipinas. Pinuntahan pa nga siya nito sa America. Pero nagmatigas si Fyro. Dalawang taon yata ang lumipas bago niya ito kinausap muli sa telepono.

Ang totoo ay gusto niyang umuwi nang magkasakit ito last month, pero siguro sa tagal ng panahong hindi sila maayos na nag-uusap at magkalayo ay naduwag na rin siya. Baka nga ginamit lang niya ang problema ng Ate Faye niya para tuldukan ang cold war nila ng daddy niya.

Kailangan na rin niyang mag-move on at tanggapin na ito ang pinili ni Margaux at hindi siya.



Dahil araw ng Linggo at wala siyang trabaho, napagpasyahan ni Gie na magsimba at dumalaw sa *White Cross Children's Home*. Nami-miss na niya sina Sister Linda at Sister Sarah at ang mga batang makukulit. Masuwerte nang makapunta siya roon isang beses sa isang buwan.

Nagdadala siya ng pasalubong para sa mga batang iniwan ng mga magulang. Iyon ang pinili niyang advocacy dahil alam niya ang pakiramdam ng maiwan. Masuwerte pa rin siya dahil iniwan siya ng ina sa mabuting pamilya.

Sinisikap niyang tuwing may batang naihahanap ng pamilyang aampon dito ay lagi siyang nasa orphanage para magpaalam bago ito kunin ng mga bagong magulang. Kapag busy ang schedule niya ay nakikiusap siya sa mga madre na kung maaari ay hintayin siya.

Pinipilit niyang intindihin ang mga magulang na kayang iwan ang anak. Iniisip ni Gie, hindi naman siguro lahat ay katulad ng mama niya. Gusto niyang unawain kung bakit ayaw nito sa kanya. Nang muli niyang makaharap ang ina, inamin nito sa kanya na

pinagsamantalahan ito kaya nabuntis sa kanya.

Dahil pala roon kaya galit na galit ang ina sa kanya. Binuhay raw siya nito at pinaniwalang mahal siya nito dahil binayaran ito ng malaking halaga ng mama ni Jordan at nangako ang babae na aampunin siya.

Kaya pala ni minsan hindi niya totoong naramdaman na mahal siya ng ina ay dahil galit ito sa tatay niya at galit din ito sa kanya. Nasira ang buhay nito nang mabuntis ito sa kanya.

Bumalik sa alaala niya ang nangyari limang taon na ang nakakalipas noong matagpuan niya ang ina. Nangyari iyon ilang araw bago ang college graduation niya.

Simula nang iwan siya nito ay inihanda na ni Gie ang sarili sa muli nilang pagkikita. Pangako niya sa sarili, anuman ang mangyari, magiging masaya na lamang siya para rito. Hindi niya ito susumbatan at hindi siya hihingi rito ng kahit na ano. At hindi na siya malulungkot.

Kahit kaunti ay hindi siya nagtanim ng galit dito. Ang nais lamang niya ay makita ito at kumustahin ang kalagayan nito. Ayon sa private investigator ay maayos ang buhay ng ina dahil mabait at may kaya ang asawa nito at masaya ito kasama ang tatlong

anak.

Gusto niya sanang itanong dito kung naaalala ba siya nito, kung na-miss man lang ba siya. Pero sa halip na matuwa ay nagalit ito nang puntahan niya at imbes na yakap ay sampal ang natanggap niya buhat dito.

“Huwag ka na ulit magpapakita sa ’kin, Gie,” sabi nito pagkatapos. “Matagal na kitang ibinaon sa limot. Simula nang iwan kita kay Ate Nesy, kinalimutan ko nang anak kita. Hindi kita kailangan, may asawa’t anak na ako at maayos na ang buhay ko. Kaya parang awa mo na, ’wag mo nang guluhin ang pamilya ko.” Umalis ito sandali at may kinuha sa silid. Pagbalik nito ay may iniabot ito sa kanyang diary. “Nandiyan ang lahat ng gusto mong malaman.”

Hindi na siya nakaimik pa, pero hindi pa rin siya makakilos para umalis doon.

“Ano pa ang ginagawa mo dito? Umalis ka na!” pagtataboy nito.

Ang diary na iyon lamang ang taging alaala ni Gie sa tunay na ina. Nalaman niya na foreigner ang nang-rape dito. Kaya pala kakaiba ang kulay ng mga mata niya ay dahil Caucasian ang kanyang ama. Pilit niyang inuunawa ang sitwasyon ng kanyang mama, pero masakit pa rin sa kanya na hindi siya

matanggap nito.

Nagpapasalamat pa rin siya na hindi siya ipinalaglag nito. Nabasa niya sa diary na kondisyon din ni Nanay Nessy na alagaan siya sa loob ng ilang taon, para makapiling naman niya ang tunay na ina, at sa pagbabaka-sakaling magbabago ang damdamin nito at itataguyod siya. Pero sarado talaga ang puso ng mama niya para sa kanya. Mabuti na lamang at kahit malayong kamag-anak at kahit halos hindi na sila magkadugo ay pinagmalasakitan siya ng ina ni Jordan.

Pagkatapos magsimba ay tumuloy na siya sa *White Cross*. Sinalubong siya nina Sister Linda at Sister Sarah. Nang marinig ng mga bata na dumating siya ay nag-unahang tumakbo ang mga ito palapit sa kanya.

“Ate Gie, na-miss ka namin!”

“Ate Gie, akala namin hindi ka na pupunta dito.”
Niyakap siya ng mga ito.

“Ako din na-miss ko kayo. Siyempre, hindi puwedeng hindi ako babalik dito. Pamilya ko yata kayo,” sabi niya. “May pasalubong nga pala ako sa inyo, kayo na ang kumuha sa sasakyan.” Ibinigay ni Gie sa pinakamatanda sa mga ito ang susi ng kotse niya.

Natawa siya habang tinatanaw ang mga ito.

“Kumusta ka na, Gie?” tanong ni Sister Sarah nang maiwan sila.

“Ayos lang naman po ako, medyo busy lang sa trabaho.” Niyakap niya nang mahigpit ang dalawa. Mabuti na rin na parang nasa ibang mundo na tila hindi nararating ng chismis tungkol sa kanya ang bahay-ampunan. Maaari rin na pinipili na lamang ng mga kaharap na huwag nang magkomento at mag-usisa.

“Huwag ka munang umalis. Naghahanda ng merienda si Sister Ana,” sabi ni Sister Linda. “Teka, at tatawagin ko ang mga bata para makasabay natin sila sa pagkain,” paalam nito.

Habang kumakain ay kinumusta ng mga madre sa kanya sina Jordan at Albert. Minsan kasi ay nakasama na niya ang dalawa sa pagpunta sa ampunan.

Pagdaan nila ni Sister Sarah sa lobby ay may pamilyar na lalaking nakaupo sa visitor’s chair at kausap ito ni Sister Linda. Kaya pala hindi nila nakasama ang huli sa pagkain. Ang sabi ng mga bata ay may bisita raw ito.

Napakunot ang noo ni Gie. “Si Fyro?”

Hindi niya na-realize na naisaboses pala niya

ang nasa isip at napatingin sa kanila ang lalaki at si Sister Linda. Tumayo ang mga ito at mukhang hindi siya makakaiwas sa pagtatagpong iyon.

“Mukhang magkakilala kayo,” nakangiting komento ni Sister Linda nang magkakaharap na sila.

“Ah... Opo, Sister. Si Mr. Santisteban po ang bagong CEO ng modeling agency,” paliwanag ni Gie.

Parang umismid ang lalaki.

Bakit ba napakaliit ng mundong ginagalawan nila?

“I didn’t expect to see you here, Miss Montemayor. Huwag mong sabihing may ipinaampon ka,” sabi ng lalaki na ikinatawa ng dalawang nakatatandang babae na kasama nila.

“Mapagbiro po pala kayo, Mr. Santisteban. Regular pong nagpupunta rito si Gie. Katulad po ng daddy n’yo ay isa siya sa mga sumusuporta dito sa bahay-ampunan,” sabi ni Sister Sarah.

“Really, Sister?” tanong nito na para bang di kapani-paniwala ang narinig.

“Magpapaalam na po ako, Sister Linda, Sister Sarah,” sabi ni Gie. Niyakap niya ang mga ito. Hindi na lamang niya tiningnan si Fyro para hindi tuluyang masira ang araw niya.

“O, ihahatid na kita hanggang sa sasakyan mo.

Nasa akin nga pala ang susi ng kotse mo,” sabi ni Sister Linda at ibinigay sa kanya ang susi. Binalingan nito si Sister Sarah. “Ipakilala mo si Mr. Santisteban sa mga bata.”

Naglakad sila ni Sister Linda papunta sa playground ng ampunan. Doon siya nagpa-park. Napansin niyang katabi ng kotse niya ang isang magarang sasakyan. Malamang ay kotse iyon ni Fyro.

“Puwede ko po bang malaman kung ano ang sadya ni Mr. Santisteban, Sister Linda?”

Napatingin sa kanya ang may cincuenta años na babae, tila nag-aalangan kung sasabihin sa kanya ang pakay ng bisita. Nagkibit-balikat ito. “Malalaman mo rin naman, at tingin ko hindi mamasamain ni Fyro kung sabihin ko man sa 'yo.”

Nanatili siyang tahimik. Alam niyang may mga bagay sa ampunan na dapat ay sikreto. At kung tungkol kay Fyro, malamang masamain ng lalaki kapag nalaman ang pag-uusisa niya. Pero umaasa siyang sasabihin ni Sister Linda sa kanya ang totoo.

“Gaya ng sabi ni Sister Sarah, benefactor namin ang daddy ni Mr. Santisteban, si Don Felipe. May sakit ang matanda at siya ang pinakiusapan na bumisita rito.” Bumuntong-hininga ito.

Napatangu-tango ang dalaga.

“Nabanggit ni Mr. Santisteban na nag-iisip ang kapatid niya kung mag-aampon sila ng bata. Mahigit pitong taon na raw kasal ang ate niya at hindi pa rin nagkakaanak.”

Natahimik si Sister Linda pagkatapos sabihin iyon. Kahit hindi nito sabihin, alam niyang hindi dapat malaman ni Fyro na alam niya ang tungkol doon. Parang gusto rin niyang kalimutan ang narinig. Hangga’t maaari, ayaw na niyang magkaroon ng kaugnayan sa kahit sino sa pamilya ng mga ito. Pero totoo rin na kung dito nga sa *White Cross* kukuha ng aampunin ang kapatid ni Fyro ay malalaman din niya ang tungkol doon.

5



"May photo shoot ka ngayon Gie," paalala ni Albert habang kausap siya sa phone. "Sa Batangas, ah. Baka sa iba ka na naman pumunta."

Nangyari kasi minsan na naligaw siya. "Oo na."

"Kapag nasa venue ka na, tawagan mo ako agad," bilin ng manager. Ite-text daw nito sa kanya ang buong address. "Daanan na lang kaya kita?"

"Hindi na!" tanggi ng dalaga. "Salamat. Ingat kayo."

Pagkapatay ng tawag ay agad siyang tumayo para gumayak na. Kailangan niyang umalis nang maaga para hindi siya ma-late. Simpleng T-shirt, jogger pants, at puting rubber shoes ang isinuot niya. Hila ang maleta palabas ng condo, sinipat niya ang relong pambisig at ikinandado ang unit.

Sinabi niya kay Albert na siya na ang magmamaneho dahil sanay naman siya sa mahabang biyahe. Pagdating sa venue ay nahirapan siyang maghanap ng parking space dahil punuan. Sa

pangatlong ikot ay may nakita siyang bakante. Pero bago siya makapasok sa nasabing pwesto ay may kotseng itim na sumingit.

“Asar!” bulalas ni Gie at agad bumaba bago pa nakapag-isip.

Lumapit siya sa sasakyan at kinatok ang bintana sa side ng driver. “Hey!” angil niya. “Ako ang nauna sa pwestong ito.”

Napaatras siya nang bumukas ang pinto ng kotse at iniluwa ang sakay. Isang matangkad na lalaki... and what the hell!

“Ikaw na naman?” Si Fyro Santisteban. Sa palagay niya, ang lalaking ito ang papatay sa kanya.

Una, sa sama ng loob. Pangalawa, sa pahamak na dala nito tuwing nagkikita sila. Puro konsumisyon ang ibinibigay ng lalaki sa buhay niya.

What was he doing here? Masyado yata itong madaming libreng oras at nakakapunta pa sa photo shoot.

“Ano’ng sabi mo? Ikaw ang unang nakakita sa puwesto?” Tumawa pa si Fyro.

At aminin man niya o hindi, lalo lang itong gumuwapo habang nagiging mas antipatiko. *Guwapo naman talaga ang isusugo ng demonyo!* gising niya sa sarili.

“Miss Montemayor, pasensya ka na dahil naka-reserve para sa akin ang space na ito,” sabi nito.

“May pangalan mo?” taas kilay niyang tanong.

Sa halip na sumagot ay tumingin ang lalaki sa unahan ng kotse nito at nakita niyang may karatula roon kung saan nakasulat ang, ‘Reserved for Mr. Santisteban.’

Nanlaki ang mga mata ni Gie sa nabasa. Walang lingon likod siyang naglakad pabalik sa sariling sasakyan.

“Leche!” mahina niyang maktol.

“Come back here! Ibibigay ko na lang sa iyo ang space ko at ako na lang ang maghahanap ng puwesto,” sabi ng lalaki.

“Neknek mo,” bubulong-bulong niyang sagot.

Maghahanap na lang siya ng ibang parking area. Ngayon siya nagsisisi kung bakit hindi niya pa sinunod ang gusto ni Albert na ipasundo siya sa driver nito.

Sa labas siya nakahanap ng parking, at may bayad pa. Pakiramdam niya ay late na siya sa call time. Lakad-takbo ang ginawa niya pabalik sa venue. Nakahinga siya nang maluwag dahil hindi pa nagsisimula.

Hinila agad siya ng makeup artist na si Elsa.

Kasabay raw itong dumating ni Albert. “Naku! Pasalamat ka at hindi ka mahirap ayusan kasi natural ang ganda mo,” satsat ng babae.

Pictorial iyon para sa men’s magazine at two-piece strappy bikini na kulay burgundy ang unang isusuot niya. Lalong tumingkad ang kaputian niya sa dark na kulay ng swimsuit at na-emphasize ang magandang hubog ng kanyang katawan.

Pakiramdam ni Gie ay sa kanya nakatingin ang lahat ng mata paglabas niya.

Late ka kasi, shunga! sabi niya sa sarili.

Pagbaling ng dalaga sa kanan ay nakasalubong niya ang tingin ni Fyro. At parang tumigil ang mundo. Nang matauhan ay agad siyang nag-iwas ng tingin dito. Nagpatuloy siya sa paglakad.

Sa sulok ng mata niya ay nakita niyang may modelong lumapit sa binata at mayamaya pa ay naghahalikan na ang dalawa na para bang walang ibang tao sa paligid.

Gusto niyang mapailing.

Nang matapos ang shoot ay nilapitan siya ni Albert. “Gie, kitakits tayo mamaya sa bar ng resort. May maliit na party lang. Magpahinga ka muna sa cottage. Puno na raw kasi ang hotel. Don’t worry, sagot naman lahat ng kompanya. Sa kaibigan daw ni

Sir Fyro 'tong venue, eh." Ibinigay nito sa kanya ang susi sa cottage. Hanapin na lang daw niya.

Napangiwi si Gie. Oo, gusto niyang magpahinga, pero mas gusto niyang makauwi na para sa bahay gawin iyon. Kaya lang ay dalawang araw pa silang mananatili sa resort.

"Sinong ka-share ko sa cottage?" tanong niya.

"Sorry, hindi ko na natanong. Pero may sariling susi naman iyong ka-share mo, I'm sure. Huwag mo nang alalahanin iyon."

"Sige. Mauna na ako d'un."

"Dumaan ka sa Admin kung di mo mahanap. Makikita mo agad 'yung cute na bungalow malapit dito sa hotel, puwede kang magpa-assist sa staff d'un papunta sa cottage mo. Ipinahatid ko na d'un ang ibang gamit mo."

"Okay. Salamat."

Nahanap naman agad ni Gie ang cottage niya. Nagpalit lang siya ng pantulog at agad inilatag ang pagod na katawan sa malambot na kama.



Kanina pa nagsimula ang party pero hindi niya pa rin nakikita ni anino ni Gie sa lugar. Hindi niya alam kung bakit parang hinihintay niya ang babae. Nakadama si Fyro ng pagkairita at nadagdagan iyon

nang may tumawag sa pangalan niya.

“Fire. Finally, I’ve found you.” Si Ynez Mendoza, isa sa mga modelo nila. Naging girlfriend niya ito noong nasa New York sila, pero hindi rin nagtagal. Alam din nito na wala sa bokabularyo niya ang pagseseryoso.

Agad itong yumakap sa kanya at hinalikan siya sa labi, mainit. Ginantihan niya iyon, di alintana ang mga nakatingin. Saka niya naalala si Gie at para siyang binuhusan ng malamig na tubig. Kumalas siya sa babae.

“What’s wrong?” takang tanong nito na lalong idinikit ang katawan sa kanya. “Why don’t you join me in my room?” bulong ng modelo sa tainga niya at bahagyang kinagat ang puno niyon. “Mag-isa lang ako. Wala akong ka-share. Pinauwi ko na.”

“Sorry, Ynez. I’m just not in the mood right now.” Hindi niya rin maipaliwanag kung bakit bigla siyang nawalan ng gana.

“Are you sure? Kanina naman hot ka din,” pang-aakit pa nito.

Nagkibit-balikat na lang siya. Naisip niya lang si Gie ay bigla siyang nanlamig. Inirapan siya ni Ynez at nakasimangot itong tumalikod.

Kung ganito siya ng ganito ay baka puwede

na siyang magmonghe. Ganito rin ang nangyari kay Adelle na inabutan ni Gie sa kanyang opisina. Nagreklamo ang businesswoman dahil hindi na niya ito pinuntahan. Iniwasan na lamang niya ang babae lalo na at tila may pagka-possessive. Nagpapakilala na agad na girlfriend niya gayong wala naman silang malinaw na label.

Mula nang araw na iyon ay tila nawalan na siya ng gana sa ibang babae.

Nakasabay niya sa paglalakad ang manager ni Gie na may kasamang chubby na babae. Binati siya ng mga ito.

“Good evening po, Sir Fyro,” magkapanabay na sabi ng mga ito.

“Hi. Paalis na kayo?” tanong niya.

“Hindi, sir,” sagot ni Albert. “Pupuntahan namin ang alaga ko sa cottage niya. Hindi kasi sinasagot ang phone niya. Hindi pa kumakain ’yon, eh. Siguradong nakatulog na naman. Gigisingin namin para sabay-sabay na kaming mag-dinner.”

“Sino ba ang kasama niya sa room?” tanong niya.

Nagkatinginan ang dalawa. “Alam mo ba pala kung sino ang ka-share niya sa cottage, Elsa?” tanong ni Albert sa kasama, bago ito bumaling sa kanya nang umiling ang babae. “Ang totoo, Sir, dadaan pa

kami ng Admin Building, kasi nakalimutan ko kung saan ang cottage niya.”

“Ganoon ba? Dadaan din kasi ako ng Admin, naiwan ko kasi ang susi ko sa kuwarto,” sabi niya. “Kung gusto n’yo ako na lang ang dadaan sa cottage ni Miss Montemayor para makapag-dinner na kayong dalawa.”

“Talaga, sir?” tuwang sabi ni Albert na parang gutom na. “I mean, hindi ba nakakahiya sa inyo, Sir?”

Lihim siyang napangisi. Siguradong mabubuwisit si Gie pag nagisnan siya sa kuwarto nito. “It’s okay. Pupunta naman talaga ako d’un. It’s no bother.” Nabubuo talaga ang araw niya pag nakikita itong nanggigigil sa kanya.

At bumalik na nga ang dalawa sa direksyon ng buffet table.

Pagdating sa Admin ay hiningi niya ang duplicate ng susi niya at ang listahan ng room assignments ng lahat ng guests na kasama sa photo shoot. Normally ay hindi iyon ibibigay ng staff, pero dahil co-owner ng hotel-resort ang pamilya niya, walang kwestyon na iniabot sa kanya ng empleyado ang list ng reservations.

“Walang ka-share sa cottage iyong isang guest?”

Si Miss Montemayor?” tanong niya, at may chineck ang staff sa computer.

“Maliit po pala iyong cottage na iyon, Sir. Good for two, pero iisa lang po ang kama, kaya siguro hindi siya binigyan ng kasama,” paliwanag nito.

“I see. Kukunin ko na rin ang duplicate ng susi para sa cottage na ’yun,” sabi ni Fyro.

“Po?” ulit ng staff na parang nagtaka.

“Ibibigay ko sa manager niya,” tipid niyang sabi. Natutuwa naman siya na kahit paano ay maingat ang staff ng hotel. “Huwag na huwag kang magbibigay ng duplicate ng susi ng kahit na kaninong kuwarta sa kahit sino hangga’t di mo na-ve-verify sa management, ha.”

“Kaya nga po,” parang nagmamaktol na sagot nito. “Pumirma na lang po kayo dito, Sir Fyro. Protocol lang po. Hindi ko na po kayo hihingan ng ID.”

Iniisip niya kung sadya bang masungit ang staff o maingat lang talaga. Tingin niya, kung may masamang mangyayari sa modelo ay ilalaglag siya ng empleyadong ito sa mga imbestigador at ituturo siya bilang prime suspect.

Natawa si Fyro sa naisip at tumalikod na matapos makuha ang mga susi at magpasalamat sa staff.

Pagtapat niya sa pinto ng cottage ng dalaga ay ipinasok niya ang susi, pero nabahala nang ma-realize na hindi naka-lock ang pinto nito. Agad siyang pumasok at saka lang nakahinga nang maluwag nang makitang payapa itong nakadapa sa kama, tulog na tulog pa rin.

Nakakumot ito pero litaw ang mga balikat at kita ang manipis na nightgown na suot nito. Gusto niyang magalit na hindi nito isinara nang maayos ang pinto.

Naalala niya ito habang suot ang bikini set sa shoot kanina. Hindi niya halos maalis ang atensyon sa makinis nitong katawan. Nasisilip niya ang bilugan nitong hinaharap, makatawag-pansin kahit hindi OA ang laki.

Nagtagis ang bagang ni Fyro nang maalala ang pag-iyak ng ate niya dahil sa babaeng ito na payapang natutulog.

“How can you manage to look so innocent?” tanong niya sa mahinang boses. Pinaglakbay niya ang tingin sa kabuuan nito at naalala ang unang pagkakataon na nagkatagpo sila.

Mukha pa rin itong anghel. Akmang hahaplusin niya ang mukha ng babae mang magising ito at bumalikwas.

“A-ano’ng ginagawa mo dito?” angil nito.



Naalimpungatan si Gie dahil pakiramdam niya ay may nakatingin sa kanya. Napabalikwas siya nang mamulatan ang mukha ni Fyro ang nakatunghay sa kanya.

“Nag-volunteer ako sa manager mo na sunduin ka para kumain,” sagot nito at iginala ang tingin sa kuwarta niya na parang ini-inspect kung may ibang tao ba roon. Tunitig ito sa kanya. “Hindi ka nag-iingat. Iniwan mong bukas ang pinto mo.”

“Sinamantala mo naman at pumasok ka,” pagtataray niya. “Puwede ba? Nagawa mo na ang misyon mo kaya makakalabas ka na.” Inayos niya ang kumot sa katawan niya.

Umismid ang lalaki. “Nakita ko na lahat ’yan, Miss Montemayor. Ngayon ka pa ba mahihiya?” Umupo ito sa kama.

“Umalis ka na nga. Baka hindi kita matantya.”

Inilapit ng lalaki ang mukha sa kanya. “Bakit? Ano’ng gagawin mo kung hindi ako aalis?”

Gahibla na lamang ang lapit ng bibig ni Fyro sa kanya. Mas inilapit pa nito ang mukha at napapikit siya.

Pagkuwa’y tumawa ang lalaki at pagmulat niya

ay nakatayo na ito. May ibinagsak itong susi sa kama niya.

“Duplicate iyan. Ikaw na ang magsoli pag nag-check out ka.” Tumalikod na ito at naglakad patungo sa pinto ng studio-type cottage. Nilingon siya nito bago pinihit ang doorknob. “Magbihis ka na. Hihintayin kita sa labas.”

Nang isara nito ang pinto pagkalabas ay saka lang na-realize ni Gie na pinipigilan pala niya ang hininga.

Muntik na!

Kung hindi pa lumabas si Fyro ay baka siya na ang humalik dito.

“Ang tanga-tanga mo talaga pagdating sa kanya, Gie,” sumbat niya sa sarili.

Naglakad siya papunta sa banyo at inayos ang sarili.



Nagdiriwang ang kalooban ni Fyro habang iniinom ang hininging whisky sa bartender. Mula sa kinauupuan ay tanaw niya si Gie na kumakain kasabay ng mga kaibigan nito. Magkasabay silang nagpunta sa isang resto bar ng resort kung saan sila may dinner reservation, pero agad na humiwalay ang babae at tinungo ang mesa ng manager nito at

makeup artist.

Hindi niya itatanggi na matindi pa rin ang attraction sa pagitan nilang dalawa. Kung hindi niya napigil ang sarili ay baka may nangyari sa kanila kanina. Pero ayaw niyang mapatunayan na guilty sa akusasyon nito ng pananamantala. Kung may mamamagitan man sa kanila, sisiguruhin niyang pareho nilang ginusto iyon. At sa nakikita niya, apektado pa rin si Gie sa kanya kahit i-deny pa nito ang bagay na iyon.

Nagtatanong din siya sa sarili kung bakit pagdating kay Gie ay hindi nawawala ang gana niya.

Is it because she's playing hard to get? Dahil ba nakuha ko na siya at di ko pa rin makalimutan ang nangyari sa amin?

Hindi niya maipaliwanag kung bakit gustong-gusto niya ulit itong matikman.

Napangiti si Fyro nang ma-realize na malapit lang ang cottage nito sa cottage niya. Napabuntong-hininga siya. Wala sa bokabularyo niya ang mamilit ng babae.

Sinundan ng tingin niya sina Gie nang tumayo ito suot ang puting boyfriend shirt na three-fourths ang manggas at three inches above the knee ang haba. Alam niyang naka-one piece swimsuit ito

sa ilalim niyon. May balak pa yatang mag-night swimming ang mga ito.

Inubos na niya ang inumin at naglakad pabalik sa cottage niya.



Bumalik agad si Gie sa cottage room niya matapos makita ang swimming pool. Iniwan na niya sina Albert at Elsa na mukhang may balak magbabad. Magsa-shower na lang siya sa banyo at sa dagat na lang siya maliligo bukas o bago sila umalis ng resort, kung makahanap siya ng pagkakataon.

Hindi pa siya tapos magbanlaw nang marinig na parang may kumakatok sa pinto sa labas. Inisip niyang baka ang ka-share niya iyon sa silid at walang susi. Nagtapi lang siya ng tuwalya at lumabas ng banyo para buksan ang main door ng cottage.

Napanganga siya nang dere-derechong pumasok si Fyro.

“Ano na naman ba ang ginagawa mo dito?” naiirita na niyang tanong.

“I gave you the wrong key.”

“Ano?” Hawak niya ang towel sa gitna ng dibdib niya dahil parang gustong mahulog niyon sa sahig.

“Sabi ko, mali ang duplicate na naibigay ko sa ’yo. Susi ko ang napunta sa ’yo. At bakit basta-basta

ka nagbubukas ng pinto? Di ka man lang nagbihis!”

“Ikaw pa talaga ang galit, eh, halos wasakin mo ang pinto ko?” naiinis niyang balik, mahina ang boses dahil gabi na at baka naririnig sa labas ang pagtatalo nila.

“Just give me my key,” tila pagod na sabi ng lalaki.

“Hanapin mo d’un sa kama. Hindi ko inalis doon,” utos ni Gie at bumalik sa banyo para ituloy ang pagligo.

Paglabas ng banyo ay napaatras siya pabalik nang makitang natutulog ang lalaki sa bed niya. Pumikit siya at bumilang hanggang sampu, bumalik sa banyo para magbihis at saka bumalik sa kama para gisingin ang lalaki.

“Mr. Santisteban, hindi ito ang kuwerto mo. Mr. Santis—”

Hindi siya nakahuma nang hilahin siya ng lalaki at halikan. Natagpuan ng dalaga ang sarili sa ibabaw nito, tinutugon ang mapaghanap nitong mga labi. Bumagal ang halik at parang nanghina si Gie. Sa isang iglap ay nasa ilalim na siya nito.

Ang kamay nitong nakayakap sa kanya kanina ay humuhulma na sa kanyang dibdib at inuumpisahan na nitong hubadin ang kanyang damit.

“Fire,” anas ng dalaga nang lubayan nito ang

bibig niya at bahagya niyang itinulak ang lalaki.

Tila nagising naman ito at natauhan. “Damn,” narinig niyang mura nito. Lumayo ito at naupo. “Nakatulog pala ako,” sabi nito.

Hindi lang ’yun ang ginawa mo.

“Alam kong hindi ka magso-sorry sa ginawa mo, kaya kalimutan na lang natin na nangyari ito.” Tumingin siya sa mini-fridge na nasa kuwarto. Parang gusto niya ng maiinom. May tubig naman siguro roon. Muli siyang bumaling sa lalaki. “Nakita mo ba ang susi mo?”

Tumango ang lalaki. “Oo, pero may mga reporters sa labas ng cottage mo kanina kaya hindi ako umalis.”

Umismid siya. “Kelan ka pa naging concerned sa reputasyon ko? Sige na, lumabas ka na. Sigurado akong umalis na sila.

“I was concerned about my reputation, you know,” sabi ng lalaki.

“Really? Kaya pala nakikipaghalikan ka basta kahit nasaan ka?” tuya niya.

“Nagseselos ka ba?”

Pinaikot ni Gie ang mga mata. “So ano pala’ng plano mong gawin kung hindi ka babalik sa sariling kuwarto mo?”

“Dito muna ako. Mamayang madaling-araw na lang ako aalis para siguradong wala nang nakaabang na chismoso sa labas.”

“What? Are you crazy? Isa lang ang kama ko!”

“So? Malaki naman at kasyang-kasya tayo. And it’s not like hindi pa tayo natulog sa iisang kama dati.”

“Will you stop bringing that up? Kasaysayan na iyang sinasabi mo.”

“Kung ganoon, patunayan mong hindi ka na apektado.”

“Paano pag dumating ang ka-share ko sa cottage, aber?” tanong niya. “Eh, di lalo kang nachismis!”

Ngumisi ang lalaki. “Fortunately, mag-isa ka lang dito. I checked. Wala kang ka-share.”

Pumikit saglit si Gie at sinabunutan ang sarili. “Fine. Tatawagan ko na lang si Albert para sabay kayong lumabas ng kuwarto ko.”

“Are you sure ready ka nang mag-explain sa manager mo kung ano ang ginagawa ko sa cottage mo?”

“Wala kang ginagawa sa cottage ko!” gigil niyang sagot. Sigurado siyang maniniwala si Albert sa kanya, pero hindi niya sigurado kung mapapatawad siya nito kung aabalihin niya ito nang ganitong oras. Dumating ang boyfriend nito kanina kaya iniwan na

niya ito sa pool kasama si Elsa.

Ngumisi ang lalaki. “I thought so. I’m sure may extra towels at toothbrush na supply ang resort. I’m going to take a shower. Ayusin mo ang kama dahil gusto kong matulog nang maaga.”

“I’m not your maid, Mr. Santisteban,” sabi niya.

“Technically, empleyado kita. Pareho lang ’yun.”

“No, it’s not!” Pero nakapasok na ito sa banyo dala ang fresh na tuwalya.